REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

Hunyo 18, 1997

OFFICE OF THE SECRETARY

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 228, s. 1997

LINGGO NG WIKANG PAMBANSA '97

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo ng mga Pampamahalaang Kolehiyo at Unibersidad
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 19, s. 1986, ang Linggo ng Wika '97 ay ipagdiriwang sa Agosto 13-19. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang ay "Wika ng Rebolusyon: Noon at Ngayon."

2. Ang sanlinggong pagdiriwang ay hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat araw:

*Agosto 13 Miyerkoles : Ang Wika sa Sentenaryo ng Rebolusyon*
*Agosto 14 Huwebes : Ang Wika ng Kalayaan at Pagkakaisa*
*Agosto 15 Biyernes : Ang Wika ng Pambansang Kultura*
*Agosto 16 Sabado : Ang Wika ng Kapayapayaan at Kasaganaan*
*Agosto 17 Linggo : Ang Wika ng Katarungang Panlipunan*
*Agosto 18 Lunes : Ang Wika ng Kamulatang Pangkasaysayan*
*Agosto 19 Martes : Ang Wikang Filipino sa Globalisasyon*

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng Gawain Para sa sanlinggong pagdiriwang.

4. Inaasahan ang dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RICARDO T. GLORIA
*Secretary*

1898 1998
100
KALAYAAN

Tel. No. 6337208
Fax No. 6320805

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 255, s. 1996
Pamumudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

| | |
|---|---|
| CELEBRATIONS & FESTIVALS | STUDENTS |
| OFFICIALS | TEACHERS |

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 228, s. 1997)

PALATUNTUNAN ng GAWAIN
**Linggo ng Wikang Pambansa '97**

Paksang-Diwa: Wika ng Rebolusyon: Noon at Ngayon

Agosto 13 Miyerkoles Ang Wika sa Sentenaryo ng Rebolusyon

1. Pagdaraos ng photo exhibit ng mga bayani ng rebolusyon
2. Pagdaraos ng timpalak sa pagsulat ng talambuhay ng mga bayani sa kani-kanilang purok.

Agosto 14 Huwebes Ang Wika ng Kalayaan at Pagkakaisa

1. Lakbay-aral sa mga makasaysayang lugar
2. Pagsasadula ng isang bahagi ng kasaysayan na ipinagdiriwang sa ika -100 taon ng rebolusyon .

Agosto 15 Biyernes Ang Wika ng Pambansang Kultura

1. Pagpapatugtog sa kampus ng mga awiting Filipino
2. Pagdaraos ng palatuntunang nagtatampok ng iba't ibang kaugalian ng bawat grupong etniko.

Agosto 16 Sabado Ang Wika ng Kapayapaan at Kasaganaan

1. Pagdaraos ng timpalak sa pagsulat ng sanaysay tungkol sa papel ng wika sa pagpapanatili ng kapayapaan at pagtatamo ng ibayong kasaganaan.
2. Pagtatanghal ng dula-dulaang naglalarawan ng ginanap na APEC Meeting sa bansa.

Agosto 17 Linggo Ang Wika ng Katarungang Panlipunan

1. Pagdaraos ng simposyum tungkol sa paksang-diwa sa araw na ito.
2. Pagsasatao ng mga sitwasyong nagpapakita ng paggamit ng Filipino sa mga Hukuman.

Agosto 18 Lunes Ang Wika ng Kamulatang Pangkasaysayan

1. Interbyu sa mga kilalang historyador sa bansa
2. Pagdaraos ng round table disccussion tungkol sa impormasyong pangkasaysayan na di gaanong napagtutuunan ng pansin sa mga aklat ng kasaysayan.

Agosto 19 Martes Ang Wikang Filipino sa Globalisasyon

1. Pagdaraos ng timpalak sa pagsasalin sa Filipino ng mga katawagang pangnegosyo
2. Pakikipanayam sa mga Pilipinong nagbalikbayan, nanirahan o nandayuhan sa iba't ibang bansa.

MALACAÑANG
Manila

# PROKLAMASYON BLG. 19

*NA NAGPAPAHAYAG NG PAGDIRIWANG NG LINGGO NG WIKANG PAMBANSA TUWING AGOSTO 13-19 TAUN-TAON*

SAPAGKAT, ang isang katutubong wikang panlahat ay buklod ng pambansang pagkakaisa, sagisag ng karangalang panlahi, at mabisang kasangkapan sa pag-unlad ng isang bansang nagsasarili at malaya; at

SAPAGKAT ang Wikang Pambansang Pilipino ay gumawa ng napakahalagang papel sa himagsikan ng Kapangyarihang Bayan na nagbunsod ng bagong pamahalaan.

DAHIL DITO, ako Si CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapahayag ng taun-taon, ang panahong mula Agosto 13 hanggang 19, araw ng pagsilang ng naging Pangulong Manuel L. Quezon, itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa, ay Linggo ng Wikang Pambansang Pilipino na dapat ipagdiwang ng lahat ng mga mamamayan sa buong bansa, sa pangunguna ng mga nasa pamahalaan at mga paaralan at gayundin ng mga lider ng iba't ibang larangan ng buhay.

BILANG KATUNAYAN, lumagda ako rito at ikinintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

Isinagawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-12 araw ng Agosto labinsiyam na raa't walumpu't anim at ang kasarinlan ng Pilipinas, ika-walumpu't walo.

Corazon C. Aquino

CORAZON C. AQUINO
Pangulo ng Pilipinas